



Buong Teksto

DALAWANG ALAMAT NG PAGLIKHA

Saan nga ba nagmula ang mundo? Depende kung sino ang tatanungin mo. Ang maririnig ninyo ngayon ay dalawa sa maraming sagot ng mga Pilipino. Heto ang Dalawang Alamat ng Paglikha!

Noong Pinakasimula (Bilaang ng Mindanao) at Ang Baba (Igorot ng Luzon))

Ang una ay pinamagatang “Noong pinakasimula” mula sa mga Bilaan ng Mindanao.

Noong unang panahon, mayroong apat na nilalang at nakatira sila sa isang islang sinlaki lang ng salakot. Walang puno o damo o kahit anomang may buhay sa islang ito bukod sa apat na taong ito at isang ibon. Isang araw, pinalipad ng mga tao ang ibon sa katubigan para malaman kung mga bagay ang kaniyang matatagpuan at nang ito’y bumalik, may dala itong lupa, kapisasong rattan, at ilang prutas.

Si Melu, ang nakahihigit sa kanilang apat, ay kinuha ang lupa; hinulma at pinalo-palo niya ito ng sagwan, tulad ng ginagawa ng mga babae sa paghuhugis ng palayok na luwad. Nang matapos siya, nalikha niya ang mundo! Nagtanim din siya ng mga binhi ng prutas at lumago ang mga ito hanggang marami nang rattan at mga punong namumunga.

Matagal na pinanood ng apat na nilalang ang paglagong ito sa mahabang panahon at lubos na nagalak sa nagawa, ngunit may napansin si Melu:

“Ano ang silbi ng mundong ito kung puro lang ito rattan at mga prutas kung wala namang katao-katao?”

At tumugon ang iba na, “Halina’t gumawa tayo ng mga tao na mula sa pagkit.”

Kaya naman, kumuha sila ng pagkit o wax at hinubog ang mga ito nang matagal na matagal, ngunit nang isinalang nila ito sa apoy, natunaw ang pagkit at napagtanto nilang hindi makagagawa ng tao sa ganoong paraan.

Sunod, nagdesisyon silang subukang gamitin ang alikabok sa paggawa ng mga tao, at si Melu at isang kasama ang nagsimulang gumawa nito. Maganda ang kinalalabasan ng lahat hanggang handa na silang gumawa ng mga ilong. Ang kaniyang kasamang nagtatrabaho sa bahaging iyon, ay ikinabit ito nang baliktad. Sinabi sa kaniya ni Melu, “Malulunod ang mga tao kung pabaliktad ang kanilang mga ilong!” Subalit tumanggi pa rin ang kaniyang kasama na baguhin ito.

Ngunit nang tumalikod ang kaniyang kasama, agad sinunggaban ni Melu ang mga ilong at isa-isang binaliktad ang mga ito hanggang maging kamukha ng ilong natin ngayon. Kaya nga lang, sa sobrang pagmamadali, napsil ng kaniyang daliri ang bahagi sa ilalim ng mga ilong at nag-iwan ito ng marka sa luwad namakikita pa rin sa mga mukha ng tao magpasahanggang ngayon!

Ang pangalawang kuwento ay pinamagatan namang “Ang Baha” mula sa mga Igorot.

Noong unang panahon, noong patag pa ang mundo at walang mga bundok, may dalawang magkapatid na mga anak si Lumawig, ang Dakilang Espiritu. Mahilig ang magkapatid sa pangangaso at dahil hindi pa nabubuo ang mga bundok, walang magandang lugar upang manghuli ng mga baboy ramo at usa, kayasinabi ng panganay:

“Bakit hindi kaya natin punuin at balutin ng tubig ang buong mundo at ng sa gayon ay uusbong ang mga bundok?”

Kaya naman, nagpaagos sila ng tubig sa buongmundo, at nang bumabaha na, kinuha nila ang basket na lalagyan ng ulo ng mga kalaban, at ginawa itong bitag. Tuwang-tuwa ang magkapatid dahil nang tingnan nila ang basket, hindi lang mga baboy-ramo at usa ang kanilang nahuli kundipati malaking bilang ng tao.

Ngayo’y tumanaw si Lumawig mula sa kaniyang kinatatayuan sa kalangitan at nakitang pinabaha ng mga anak niya ang buong mundo at iisang bahagi lamang ang hindi natabunan ng tubig. Nakita niya rin na ang mga tao sa mundo ay nalunod na maliban sa magkapatid na lalaki at babaeng nakatira sa lugar na tinatawag na Pokis.

Pagkatapos, bumaba si Lumawig at tinawag niya ang lalaki at babae:

“Ah, buhay pa kayo!”

“Opo”, sagot ng lalaki, “buhay pa kami ngunit sobra kaming giniginaw.”

Kaya naman, iniutos ni Lumawig sa kaniyang aso at usa na kumuha ng apoy para sa lalaki at babae. Dali-daling lumangoy palayo ang aso at usa, ngunit kahit na matagal naghintay si Lumawig ay hindi pa rin sila bumabalik, at patindi rin nang patindi ang pagkaginaw ng lalaki’t babae.

Sa wakas, si Lumawig na mismo ang sumunod sa aso at usa at nang naabutan niya ang mga ito, sinabi niya:

“Bakit sobrang tagal ninyong magdala ng apoy sa Pokis? Maghanda na kayo’t bilisan, binabantayan ko kayo dahil ginaw na ginaw na ang lalaki at babae”

Kaya kinuha ng aso at ng usa ang apoy at nagsimulang lumangoy sa baha, ngunit nang medyo nakakalayo na sila, namatay ang apoy!

Inutusan silang muli ni Lumawig na kumuha ng maraming apoy at sinunod naman nila ito, ngunit muli, hindi pa nakakalayo ang dalawa ay agad na namatay ang apoy ng usa at kung hindi pa nagmadaling kunin ni Lumawig ang sa aso ay mamamatay rin ang apoy nito.

Nang makarating ni Lumawig sa Pokis, gumawa agad siya ng malaking apoy na nagbigay-init sa lalaki at babae; at ang baha ay unti-unting sumingaw kaya nanumbalik ang dating mundo, ngunit mayroon na ngayong mga bundok! Ikinasal ang lalaki at babae at nagkaanak, at sa gayo'y nagkaroon ng maraming tao sa mundo.

Pinagkubanan: Salin ni Sumita Telan mula sa Philippine Folk Tales ni Mabel Cook Cole at Fay-Cooper Cole na nailathala noong 1916 at matatagpuan sa gutenberg.org.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa
Apat na Alamat ng Ilog Pasig
Dalawang Alamat ng Paglikha

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

*Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes
(Anvil Publishing)*

Ang Pitong Tanga
Rosamistica

Tabanan Books:

*Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang
Kuwentong-bayan*

*Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
The Termite Queen and other Classic Philippine Earth
Tales*

Volcano of Love and Death

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo, PhD
Ricardo Abad, PhD

Executive Producers

D Cortezano

Producer

John Robert Yam

Overall Sound Designer

Harold André Santos

Theme Music Composer

Francesco U. Amante

Episode Sound Designer

John Robert Yam
Nilo Beriarmente

Sound Engineers

Ivy Baggao

Talent Coordinator and Production Associate

Jethro Nibaten
Adriane Ungriano

Sound Design and Technical Team

Rey Sotto

Justine Ray Santos

Ralph Joseph Adarlo

Carlos Hombrebueno

Vannessa Reventar

Logistical Support

Ross Du

Illustrator

Arielle Acosta

Brand Developers

Lazir Caluya

Dreamlist Digital

Web developers

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Jaime Jose G Nicdao, PhD

Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education

*Director for Administration of the Grade School
Officer-In-Charge, Headmaster*

Jervy M. Robles

Assistant Headmaster for Academic Affairs

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador

Principal

Genalyn S. Sanvictores

Assistant Principal for Academic Affairs

Perfecto "Dingdong" R. Guerrero III

*Assistant Principal for Student Affairs and Formation
(voice actor for the episode)*

Paolo Ven B. Paculan

Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino

Kristine Ann P. Valdellon

Master Teacher, Subject Area Coordinator, English

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta

Principal

Luis Allan B. Melosantos

Assistant Principal for Academic Affairs